# *Masdan at Patuloy na Gawin ang Gawain Habang ikaw ay Nagmamasid sa Darating na Paghuhukom ng Dios Yugto 3*

***"5 At samantalang sinasalita ng ilan ang tungkol sa templo, kung paanong ito'y pinalamutihan ng magagandang bato at mga hain, ay kaniyang sinabi, 6 Tungkol sa mga bagay na ito na inyong nangakikita, ay darating ang mga araw, na walang maiiwan ditong isang bato sa ibabaw ng kapuwa bato, na hindi ibabagsak. 7 At kanilang itinanong sa kaniya, na sinasabi, Guro, kailan nga mangyayari ang mga bagay na ito? At ano ang magiging tanda pagka malapit ng mangyari ang mga bagay na ito? 8 At sinabi niya, Mangagingat kayo na huwag kayong mangailigaw: sapagka't marami ang paririto sa aking pangalan, na mangagsasabi, Ako ang Cristo; at, Malapit na ang panahon: huwag kayong magsisunod sa kanila. 9 At pagka kayo'y nangakarinig ng mga digmaan at mga kaguluhan, ay huwag kayong mangasindak: sapagka't kinakailangang mangyari muna ang mga bagay na ito; datapuwa't hindi pa malapit ang wakas. 10 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Magtitindig ang isang bansa laban sa bansa, at ang isang kaharian laban sa kaharian; 11 At magkakaroon ng malalakas na lindol, at sa iba't ibang dako ay magkakagutom at magkakasalot; at magkakaroon ng mga bagay na kakilakilabot, at ng mga dakilang tanda mula sa langit. 12 Datapuwa't bago mangyari ang lahat ng mga bagay na ito, ay huhulihin kayo, at paguusigin kayo, na kayo'y ibibigay sa mga sinagoga at sa mga bilangguan, na kayo'y dadalhin sa harapan ng mga hari at mga gobernador dahil sa aking pangalan. 13 Ito'y magiging patotoo sa inyo. 14 Pagtibayin nga ninyo ang inyong mga puso, na huwag munang isipin kung paano ang inyong isasagot: 15 Sapagka't bibigyan ko kayo ng isang bibig at karunungan, na hindi mangyayaring masalangsang o matutulan man ng lahat ninyong mga kaalit. 16 Datapuwa't kayo'y ibibigay ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at mga kamaganak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba sa inyo. 17 At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan. 18 At hindi mawawala kahit isang buhok ng inyong ulo. 19 Sa inyong pagtitiis ay maipagwawagi ninyo ang inyong mga kaluluwa. 20 Datapuwa't pagka nangakita ninyong nakukubkob ng mga hukbo ang Jerusalem, kung magkagayo'y talastasin ninyo na ang kaniyang pagkawasak ay malapit na. 21 Kung magkagayo'y ang mga nasa Judea ay magsitakas sa mga bundok; at ang mga nasa loob ng bayan ay magsilabas; at ang mga nasa parang ay huwag magsipasok sa bayan. 22 Sapagka't ito ang mga araw ng paghihiganti, upang maganap ang lahat ng mga bagay na nangasusulat. 23 Sa aba ng mga nagdadalangtao, at ng mga nagpapasuso sa mga araw na yaon! sapagka't magkakaroon ng malaking kahapisan sa ibabaw ng lupa, at kagalitan sa bayang ito. 24 At sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng talim ng tabak, at dadalhing bihag sa lahat ng mga bansa: at yuyurakan ang Jerusalem ng mga Gentil, hanggang sa matupad ang mga panahon ng mga Gentil. 15 At magkakaroon ng mga tanda sa araw at buwan at mga bituin; at sa lupa'y magkakaroon ng kasalatan sa mga bansa, na matitilihan dahil sa ugong ng dagat at mga daluyong; 26 Magsisipanglupaypay ang mga tao dahil sa takot, at dahil sa paghihintay ng mga bagay na darating sa ibabaw ng sanglibutan: sapagka't mangangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit. 27 At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng tao na pariritong nasa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. 28 Datapuwa't kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, ay magsitingin kayo, at itaas ninyo ang inyong mga ulo; sapagka't malapit na ang pagkatubos ninyo. 29 At sinalita niya sa kanila ang isang talinghaga: Masdan ninyo ang puno ng igos at ang lahat ng mga punong kahoy: 30 Pagka nangagdadahon na sila, ay nakikita ninyo at nalalaman ninyo sa inyong sarili na malapit na ang tagaraw. 31 Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng Dios. 32 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay. 33 Ang langit at ang lupa ay lilipas: datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas. 34 Datapuwa't mangagingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan, at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na yaon na gaya ng silo: 35 Sapagka't gayon darating sa kanilang lahat na nangananahan sa ibabaw ng buong lupa. 36 Datapuwa't mangagpuyat kayo sa bawa't panahon, na mangagsidaing, upang kamtin ninyo ang makatakas sa lahat ng mga bagay na ito na mangyayari, at upang mangakatayo kayo sa harapan ng Anak ng tao." (Lucas 21:5-36 KJV)***

Ang Banal na Kasulatan ay ipinapaalam ang tungkol sa pagdating na paghuhukom ng Dios sa mga tumangging sumunod sa Dios at sa Kanyang Salita. Gaya ng nangyari sa mga Judiong tumangging maniwala kay Jesus, na pinadala ng Panginoon ang Kanyang paghatol sa kanila at nilipul ang Jerusalem sa pamamagitan ng mga hukbo ng Roma, maging ito'y mangyayari ngayon, na ipapadala ng Dios ang Kanyang poot sa mga tumangging sumunod kay Cristo at sa Kanyang Salita.

***"5 At samantalang sinasalita ng ilan ang tungkol sa templo, kung paanong ito'y pinalamutihan ng magagandang bato at mga hain, ay kaniyang sinabi," (Lucas 21:5 KJV)*** Ang templo na may gusali nito ay kaakit akit sa mata at isipan ng mga tao. Ang mga tao sa panahon ni Jesus at maging sa Kanyang mga alagad ay kaakit akit yaon. Kahit sa ngayon, maraming mga tao ngayon ay kaibig ibig sa kanila na makita ang malalaking gusali, lalo na sa simbahan at hahangarin nila ito at sasambahin ito, nakakalimutan ang pagtutok sa mahalagang alintuntunin sa epirituwal na gustong makita ng Dios sa buhay ng simbahan, Si Jesus sa panahong iyon Siya ay

walang gusali ng Kanyang pansarili upang tipunin ang mga alagad, ngunit ang mga tumanggi kay Cristo at sa Kanyang salita, sila'y mayroon at nagpapatakbo ng magagandang pasilidad, ngunit sila'y hindi handang sumunod kay Cristo at sa Kanyang Salita. Kahit sa ngayon maraming mayroong malalaking gusali at pasilidad patungkol kay Cristo ngunit hindi sila handang sumunod kay Cristo at tumalima sa Kanyang Salita.

***"6 Tungkol sa mga bagay na ito na inyong nangakikita, ay darating ang mga araw, na walang maiiwan ditong isang bato sa ibabaw ng kapuwa bato, na hindi ibabagsak." (Lucas 21:6 KJV)*** Tulad ng narinig ni Jesus sa kanila sinasabing hinihangaan ang Salita para sa templo, Ginawa niyang punto at turo sa kanila, na ang kanilang nakikita, darating ang isang araw na walang matitirang bato sa ibabaw na hindi ibabagsak. Si Jesus ay nagpropesiya sa kanila ang kabuuang paglipul ng lugar. Iyo ay nakakagulat na hula ni Jesus sa Kanyang mga alagad. Hindi nila inaasahan na marinig iyon at maaring hindi kailanman dumating sa kanilang kaisipan na iyon ay mangyayari.

***"7 At kanilang itinanong sa kaniya, na sinasabi, Guro, kailan nga mangyayari ang mga bagay na ito? At ano ang magiging tanda pagka malapit ng mangyari ang mga bagay na ito?" (Lucas 21:7 KJV)*** Sa gayon nang narinig nila iyon nagtanong sila sa Kanya kailan mangyayari at ano ang mga tanda pagkamalapit nang mangyari ang mga bagay na ito. Kaya ngayon ang mga alagad ni Jesus ay may kamalayan na hahatulan ng Dios ang kasamaan ng simbahan ng mga Judio na tumangi sa Salita ng Dios. Kahit ngayon ang panahon ay darating na hahatulan ng Dios ang simbahan na hindi pinarangalan ang Salita ni Cristo at hindi sumunod sa Kanyang mga tagubilin. Nang tinanong ng mga alagad ang Panginoon? ***kailan nga mangyayari ang mga bagay na ito?*** Sila'y nagtatanong tungkol kung kailan na ang templo ay lilipulin, at sila'y hindi nagtanong tungkol sa Kanyang pangalawang pagparito. Sila'y nagtatanong sa Kanya kailan hahatulan Niya ang bansa ng mga Judio para sa kanilang hindi paniniwala. Kahit ngayon tayo'y nagtatanong sa Dios at naghihintay kung kailan hahatulan Niya ang Kanyang simbahan at ang Kanyang bayan na tumangging tumalima sa Kanyang Salita at gawin ang Kanyang kalooban.

Sa pagsagot ni Jesus sa kanila tungkol sa panahon na ito ay magaganap, binigyan Niya sila ng pangyayari na pagdadaanan nila bago ito maganap. Binigyan Niya sila ng mga takdang gawain na kailangan nilang makamit upang patunayan ang kanilang sarili na may pananagutan at karapat dapat na makatakas sa pagdating ng poot ng Dios upang lipulin ang Jerusalem at ang templo ng Dios. Kahit ngayon ay nais ng Diyos na mamuhay tayo nang may halaga at pananagutan sa tungkuling tinawag Niya sa atin upang mabuhay upang makatakas tayo sa Kanyang paghatol sa mga taong suwail.

***"8 At sinabi niya, Mangagingat kayo na huwag kayong mangailigaw: sapagka't marami ang paririto sa aking pangalan, na mangagsasabi, Ako ang Cristo; at, Malapit na ang panahon: huwag kayong magsisunod sa kanila." (Lucas 21:8 KJV)*** Siya ay nagbabala sa kanila tungkol sa pagdating ng bulaang Cristo, na darating upang luminlang sa bansang Judio at kahit sa mga alagad at hilahin sila sa maling direksyon. Ang bulang Cristo ay hangad na lumapit sa mga tao patungo sa kanila. Si Jesus ay nagbabala sa kanila na huwag sundin sila nang sinabi Niya, '***'huwag kayong magsisunod sa kanila."***

Ang bulaang Cristo kapag sila'y dumating sila din ay uusigin ng mga Judio na hindi naniniwala sa kanila. Kaya ang ilan ay magsasabi paano namin malalaman ang kaibahan kung magpapakita sila ngayon kung sila'y uusigin pa ? Kaya naman kailangan nating magingat at kilalanin na sundin ang tamang doktrina at ang tamang daan ng buhay na batay sa Kasulatan. Kailangan nating patuloy na magbasa ng Kasulatan at isagawa ang mga ito sa ating buhay. Ipapahayag ng Banal na Kasulatan sa atin ang kalooban ng Dios at ang katotohanan na tinawag tayo upang ipamuhay.

***"9 At pagka kayo'y nangakarinig ng mga digmaan at mga kaguluhan, ay huwag kayong mangasindak: sapagka't kinakailangang mangyari muna ang mga bagay na ito; datapuwa't hindi pa malapit ang wakas." (Lucas 21:9)*** Binanggit ni Jesus sa kanila na maririnig nila ang mga balita tungkol sa mga digmaan at kaguluhan (kaguluhan at walang kaayusan), ngunit sinabi Niya sa kanila na huwag masindak, sapagkat dapat mangyari ito, ngunit ang katapusan ay wala pa. Ang Dios kapag Siya ay kumilos upang humatol, Kanyang pakikilusin ang Kanyang mga hukbo at pwersa, at iyon ang dahilan kung bakit naririnig natin ang mga balita ng mga digmaan at labanan, ngunit hindi iyon ang wakas kundi ang simula. Kaya kailangan nating maging handa para sa gayong mga pangyayari maging handa upang magtiis kung anong mangyayari.

***"10 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Magtitindig ang isang bansa laban sa bansa, at ang isang kaharian laban sa kaharian;" (Lucas 21:10 KJV)*** Ang mga balitang ito ng mga digmaan ay masusundan ng pagtindig ng isang bansa laban sa ibang bansa, at isang kaharian laban sa ibang kaharian. Ang mga pangyayaring ito ay pagsulong at patunay sa pagdating na paghatol ng Dios sa suwail na mga tao na tumanggi na tumalima sa Kanyang kalooban at plano.

***"11 At magkakaroon ng malalakas na lindol, at sa iba't ibang dako ay magkakagutom at magkakasalot; at magkakaroon ng mga bagay na kakilakilabot, at ng mga dakilang tanda mula sa langit." (Lucas 21:11)*** Ang likas na mga kalamidad, at kakila kilabot na mga pangyayari sa iba't ibang lugar na may taggutom at karamdaman, salot at epidemya ay magaganap. Ang mga tandang ito ang paghatol ng Dios sa suwail.

***"12 Datapuwa't bago mangyari ang lahat ng mga bagay na ito, ay huhulihin kayo, at paguusigin kayo, na kayo'y ibibigay sa mga sinagoga at sa mga bilangguan, na kayo'y dadalhin sa harapan ng mga hari at mga gobernador dahil sa aking pangalan." (Lucas 21:12 KJV)*** Sinasabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad dito na sila'y paguusigin at dadalhin sa mga bilangguan at sinagoga at maging sila'y tatayo sa harapan ng mga hari alang alang sa Kanyang pangalang Jesus, Ang mga apostol ay pinag usig at ipinatong ng mga Judio ang kanilang mga kamay sa kanila at ginamit ang mga hindi mananampalatya mga hari upang guluhin sila gaya ng mababasa natin sa sumusunod na mga Kasulatan nang pinag using ng mga Judio ang mga apostol: ***"1 At nang sila'y nangagsasalita pa sa bayan, ay nagsilapit sa kanila ang mga saserdote, at ang puno sa templo, at ang mga Saduceo, 4 Palibhasa'y totoong nangababagabag sapagka't tinuruan nila ang bayan, at ibinalita sa pangalan ni Jesus ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. 3 At sila'y kanilang sinunggaban at kanilang ibinilanggo hanggang sa kinabukasan: sapagka't noon nga'y gabi na. 4 Datapuwa't marami sa nangakarinig ng salita ay nagsisampalataya; at ang bilang ng mga lalake ay umabot sa mga limang libo. 5 At nangyari nang kinabukasan, na nangagkatipon sa Jerusalem ang kanilang mga pinuno at mga matanda at mga eskriba; 6 At si Anas, na dakilang saserdote, at si Caifas, at si Juan, at si Alejandro, at ang lahat ng kalipian ng dakilang saserdote. 7 At nang kanilang mailagay na sila sa gitna nila, ay sila'y tinanong, Sa anong kapangyarihan, o sa anong pangalan ginawa ninyo ito?8 Nang magkagayo'y si Pedro, na puspos ng Espiritu Santo, ay nagsabi sa kanila, Kayong mga pinuno sa bayan, at matatanda, 9 Kung kami sa araw na ito'y sinisiyasat tungkol sa mabuting gawa na ginawa sa isang taong may-sakit, na kung sa anong paraan gumaling ito; 10 Talastasin ninyong lahat, at ng buong bayan ng Israel, na sa pangalan ni Jesucristo ng taga Nazaret, na inyong ipinako sa krus, na binuhay ng Dios na maguli sa mga patay, dahil sa kaniya ay nakatindig ang taong ito sa inyong harap na walang sakit. 11 Siya ang bato na itinakuwil ninyong mga nagtayo ng bahay, na naging pangulo sa panulok. 12 At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas. 13 Nang makita nga nila ang katapangan ni Pedro at ni Juan, at pagkatalastas na sila'y mga taong walang pinagaralan at mga mangmang, ay nangagtaka sila; at nangapagkilala nila, na sila'y nangakasama ni Jesus. 14 At nang mangakita nila ang taong pinagaling na nakatayong kasama nila, ay wala silang maitutol. 15 Datapuwa't nang sila'y mangautusan na nilang magsilabas sa pulong, ay nangagsangusapan, 16 Na nangagsasabi, Anong gagawin natin sa mga taong ito? sapagka't tunay na ginawa sa pamamagitan nila ang himalang hayag sa lahat ng nangananahan sa Jerusalem; at hindi natin maikakaila. 17 Gayon ma'y upang huwag nang lalong kumalat sa bayan, atin silang balaan, na buhat ngayo'y huwag na silang mangagsalita pa sa sinomang tao sa pangalang ito. 18 At sila'y tinawag nila, at binalaan sila, na sa anomang paraan ay huwag silang magsipagsalita ni magsipagturo tungkol sa pangalan ni Jesus." (Mga Gawa 1-18 KJV)*** Ang parehong pag uusig ay naganap nang si Esteban ay binato at ang simbahan sa Jerusalem ay pinagusig, ***"At si Saulo ay sumangayon sa kaniyang pagkamatay. At nang araw na yao'y nangyari ang isang malaking paguusig laban sa iglesia na nasa Jerusalem; at silang lahat ay nagsipangalat sa lahat ng mga dako ng Judea at Samaria, maliban na sa mga apostol." (Mga Gawa 8:1 KJV)*** Sa paguusig pinatay si Santiago at si Pedro ay inaresto ni Herodes na hari at inihanda para sa paglilitis, ***"1 Nang panahon ngang yaon ay iniunat ni Herodes ang kaniyang mga kamay upang pahirapan ang ilan sa iglesia. 2 At pinatay niya sa tabak si Santiago na kapatid ni Juan. 3 At nang makita niya na ito'y ikinatutuwa ng mga Judio, ay kaniya namang ipinagpatuloy na hulihin si Pedro. At noo'y mga araw ng mga tinapay na walang lebadura. 4 At nang siya'y mahuli na niya, ay kaniyang inilagay siya sa bilangguan at siya'y ibinigay sa apat na tigaapat na kawal upang siya'y bantayan; na inaakalang siya'y iharap sa bayan pagkatapos ng Paskua." (Mga Gawa 12:1-4 KJV)*** Kaya sinasabi ni Jesus sa kanila ang nauna sa kanila ng pag uusig bago ang pagdating ng Kanyang paghatol sa mga Judio na tinanggihan Siya. Sa parehong paraan, gaya ng hinatulan ng Dios ang mga ayaw sumunod sa Kanyang Salita at mga tuntunin, tayo din ngayon ay asahan ang pag uusig at kaguluhan mula sa mga namumuhi kay Cristo at namumuhi sa Kanyang Salita. Sa tiyak na pagkakataon kapag tayo'y nagministerio sa mga tao, kamumuhian nila tayo dahil sinaway natin sila sa kanilang mga kasalanan. Maaring lumaban sila laban sa atin at subukang saktan tayo. Hindi nila magagawa iyon dahil propotektahan tayo ng Dios sa pamamagitan ng ilang mga

pasilidad o tuntunin ng pamahalaan na hahadlang sa kanila na gawin iyon, ngunit kalaunan tayo ay dadaan sa totoong pag uusig at sasaktan ng mga namumuhi sa Dios at sa Kanyang Salita.

***"13 Ito'y magiging patotoo sa inyo." (Lucas 21:13 KJV)*** Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na ito ay magaganap upang kayo'y magkaroon ng pagkakataon na magministerio sa mga tao tungkol kay Jesus. Ang pag uusig ay darating sa ating buhay at ito ang magiging ating bagong pagkakataon na magministerio sa mga tao at sabihin sa kanila ang tungkol kay JesuCristo, na ating Panginoon.

***"14 Pagtibayin nga ninyo ang inyong mga puso, na huwag munang isipin kung paano ang inyong isasagot: 15 Sapagka't bibigyan ko kayo ng isang bibig at karunungan, na hindi mangyayaring masalangsang o matutulan man ng lahat ninyong mga kaalit." (Lucas 21:14-15 KJV)*** Tiniyak ni Jesus sa Kanyang mga alagad at tinitiyak Niya sa atin ngayon na hindi kailangan nating mag alaala ng kung anong kailangan nating isipin na sabihin at kung paano sila sagutin, Dahil ipinangako ni Jesus na bibigyan tayo ng bibig at karunungan na walang sinumang ang makakahadlang, sasagabal, makikipagtalo o lalaban.

***"16 Datapuwa't kayo'y ibibigay ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at mga kamaganak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba sa inyo. 17 At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan." (Lucas 21:16-17 KJV)*** Ipinaliwanag ni Jesus sa mga alagad na pagkatapos ng pangyayari ng pag uusig sa mga taga labas, sa gayon ay darating sa kanila ng panibagong pangyayari ng pag uusig mula sa mga taga loob; ang mga kasapi ng kanilang mga pamilya, kamag anak at kaibigan. Sinabi ni Jesus na ang mga taong malapit sa kanila ay kamumuhian ka at ikaw ay pagtataksilan ng mga magulang, kapatid na lalaki at babae, ng mga kamag anak at maging ng mga kaibigan na pinagkakatiwalaan mo. Hanggang sa punto ng kamatayan. Kaya ang pag uusig ng mga alagad, at tayo ay kabilang sa kanila, ay kamumuhian mula ng mga taong taga labas, ngunit kalaunan ang pag uusig ay masasangkot sa atin mula sa loob ng ating pamilya, kamaganak at kaibigan. Kahit ngayon tayo ay nasa pagbabanta at panganib ng ilang mga tao na inaabot natin sa pagtutuwid at pagharap gamit ang Salita ng Dios. Sa tiyak na pagkakataon ang pag uusig ay mahahadlangan at hindi malinaw sa atin dahil mayroong mga tuntunin ng pamahalaan na pipigil sa mga krimen, kung hindi mahabang panahon na tayo'y pinalo at maging pinatay.

***"18 At hindi mawawala kahit isang buhok ng inyong ulo." (Genesis 21:18 KJV)*** Sa pamamagitan ng sinabing iyon ni Jesus sa kanila at ibig Niyang sabihin ay walang magaganap nang walang pahintulot Niya. Kahit isang buhok ng ating ulo ay hindi papahihintulutan ng Diyos na mahulog nang walang pahintulot Niya. Kaya naman tayo ay protektado at iingatan upang patuloy na magpatotoo at maging saksi sa Kanya.

***"19 Sa inyong pagtitiis ay maipagwawagi ninyo ang inyong mga kaluluwa." (Lucas 21:19 KJV)*** Inutusan Niya ang Kanyang mga apostol na magtiis at magtiyaga sa kanilang pagtitiis sa paglilingkod sa Kanya at patuloy na sumunod sa Kanyang mga hakbang at isagawa ang Kanyang mga Salita sa kanilang buhay. Sinabi Niya sa kanila kapag ikaw ay naging masigasig na gawin iyon at magtiis sa pagdurusa sa gayon ang iyong kaluluwa ay maliligtas, ***"Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon." (Mateo 16:25 KJV)***

***"20 Datapuwa't pagka nangakita ninyong nakukubkob ng mga hukbo ang Jerusalem, kung magkagayo'y talastasin ninyo na ang kaniyang pagkawasak ay malapit na." (Lucas 21:20 KJV)*** Ang mga alagad ay kailangang dumaan sa mga pagsubok na ito at kaguluhan sa kanilang pagtitiis upang ipangaral ang Evangelio sa Jerusalem bago asahang makita ang pagdating ng paghatol ng Dios sa Jerusalem at sa simbahan ng mga Judio sa pamamagitan ng pagdating ng mga hukbo ng Roma laban sa kanila. Sinabi Niya sa kanila, kapag pinalibutan na ng mga hukbo ang Jerusalem sa gayon iyon ang oras na lilipulin ang Kanyang templo sa pamamagitan ng piling hukbo na ipinadala ng Dios sa kanila.

***"21 Kung magkagayo'y ang mga nasa Judea ay magsitakas sa mga bundok; at ang mga nasa loob ng bayan ay magsilabas; at ang mga nasa parang ay huwag magsipasok sa bayan." (Lucas 21:21 KJV)*** Si Jesus ay nagbabala sa mga alagad na kapag nakita nilang mangyari iyon, kung sila'y nasa Judea lumayo pa sila at tumakas sa mga bundok, at kung sila'y nasa Jerusalem dapat silang umalis at pumunta sa labas ng Jerusalem, at ang mga nasa ibang lugar ay huwag dapat pumunta at magtago sa Jerusalem. Binalaan Niya sila na hindi sila maaring magtiwala at magtago sa Jerusalem na isang malakas na bayan at maaring lumban. Binalaan Niya ang Kanyang mga alagad na hindi sila maaring magtiwala at magtago sa Jerusalem dahil ang Jerusalem ay may Templo ng Dios. Sinasabi Niya sa kanila na ang bayan ng Jerusalem ay hindi magagawang manindigan laban sa mga hukbo na ipapadala Niya laban sa kanya upang lipulin. Binigyan ni Jesus ang Kanyang mga alagad ng utos ng kung anong kailangan nilang gawin kapag ang mga hukbo ay lumitaw upang lipulin ang Jerusalem. Inutusan Niya sila na tumakas upang ang kanilang buhay ay maligtas at ang Evangelio ay maiparangal sa ibang mga bansa. Ang utos na ito ay tumakas mula sa Jerusalem kabaligtaran sa paniniwala ng mga Judio na nagtitiwala sa

Jerusalem at sa templo ng Jerusalem. Sila'y hindi naniniwala kay Jesus, ngunit inilagay nila ang kanilang pagtitiwala sa Templo ng Dios sa Jerusalem. Sa isipan nila hindi ipapahintulot ng Dios ang Kanyang templo ay malipol. Samakatuwid nang mga hukbo ng Roma noong 70 AD ay dumating laban sa kanilang lahat ng Cristiano ay umalis sa Jerusalem sapagkat sila'y nakinig sa Salita ni Jesus at sumunod sila, ngunit ang mga Judio na hinamak ang Salita ni Jesus sila'y nanatili at lahat ay pinatay at nilipol. Maging sa ngayon ito ay maiilapat sa atin. Ipapadala ng Dios ang Kanyang poot upang disipinahin ang masama at parusahan sila, kaya kapag ipinangako natin ang ating sarili at sinunod ang Kanyang mga utos tayo ay maliligtas at maliligtas sa mga kaguluhan, ngunit kung tayo'y magpapatuloy na sundin ang ating sariling makasalanang kaugalian at matigas na pamamaraan sa gayon ating makakatagpo ang mga kaguluhan na ipapadala Niya upang lipulin ang masama.

***"22 Sapagka't ito ang mga araw ng paghihiganti, upang maganap ang lahat ng mga bagay na nangasusulat." (Lucas 21:22 KJV)*** Sinabi iyon ni Jesus upang ilarawan ang pangyayari ng pagdating ng kaguluhan at ang pagdating na paghatol ng Dios sa bansang matigas ang ulo, ang simbahan ng Judio, na sinasalungat si Cristo at ang Kanyang Salita at ang Kanyang misyon. Ipinahayag ni Jesus sa kanila, ***Sapagka't ito ang mga araw ng paghihiganti;*** Ginamit ni Jesus ang salitang paghihiganti upang tukuyin kung anong gagawin Niya at kung paanong harapin ang Kanyang sariling bayan na tinanggihan ang Kanyang Salita at ang Kanyang mga daan. Maging sa ngayon, ipapadala ng Dios ang Kanyang paghihiganti laban sa Kanyang bayan, sa Kanyang simbahan, na lumalaban sa Kanyang Salita at tumatanggi sa Kanyang kalooban sa kanilang buhay. Maaaring ang Panginoon ay magluwat na naghihintay, ngunit hindi Niya hahayaan na hindi maparusahan ang masasama kung sila'y hindi magsisisi.

***"23 Sa aba ng mga nagdadalangtao, at ng mga nagpapasuso sa mga araw na yaon! sapagka't magkakaroon ng malaking kahapisan sa ibabaw ng lupa, at kagalitan sa bayang ito." (Lucas 21:23 KJV)*** Sinasabi ni Jesus sa kanila na ang mga nagdadalangtao at ang mga nagpapasuso, ay magiging mahirap para sa kanila, dahil ito'y napakahirap sa kanila na tumakas, dahil sa malaking kahapisan na ipapahintulot ng Dios na mangyari upang hatulan ang mga sumalungat at tumanggi sa Salita ni Cristo. Kaya ano ang mauunawaan, na kapag ipinadala ng Dios ang Kanyang paghatol, wala kahit na anumang pagsasaalang alang sa mga taong nasa kritikal na pisikal na kalagayan. Marami sa kanila ang nag iisip na si Cristo ay malambot at mahinahun at hindi Niya haharapin nang sapilitan ang kasalanan. Ngunit iyon ay hindi tama. Darating ang panahon ay sapilitang hahatulan ng Panginoong Jesus ang mga kasalanan ng Kanyang bayan.

***"24 At sila'y mangabubuwal sa pamamagitan ng talim ng tabak, at dadalhing bihag sa lahat ng mga bansa: at yuyurakan ang Jerusalem ng mga Gentil, hanggang sa matupad ang mga panahon ng mga Gentil." (Lucas 21:24 KJV)*** Ito ang magiging bunga ng bansang Judio na sumalungat kay Cristo. Sila'y papatayin sa pamamagitan ng talim ng tabak, at sila'y dadalhing bihag upang maging mga bilanggo at magtrabaho bilang mga alipin. Ang Jerusalem ay tiyak na lilipulin ng mga Gentil, na lumipul sa Jerusalem ng hukbong Romano noong 70 AD. Ang sitwasyong ito ay dumating sa Jerusalem habang ang evangelio ay patuloy na ipinapahayag sa ibang mga bansa. Ang poot ng Dios na ipapadala Niya laban sa Jerusalem sa pamamagitan ng pagdating ng mga hukobng Romano, ay tutulungang mangalat ang mga Cristiano sa Jerusalem at pangunahan silang ikalat sa ibang mga bansa at ipangaral nila ang Salita ng Dios sa kanila. Nang sinabi ni Jesus, ***"hanggang sa matupad ang mga panahon ng mga Gentil."*** Ano ang ibig sabihin Niya na ang poot ng Dios na ipapadala Niya laban sa Jerusalem, ang parehong poot na tutulong sa mga Cristiano upang ipalaganap ang Evangelio sa ibang mga bansa.

***"25 At magkakaroon ng mga tanda sa araw at buwan at mga bituin; at sa lupa'y magkakaroon ng kasalatan sa mga bansa, na matitilihan dahil sa ugong ng dagat at mga daluyong;" (Lucas 21:25 KJV)*** Ang mga ito ay hindi kinakailangang pisikal na mga palatandaan sa langit ngunit isang literal sa isang matalinghagang kahulugan.

nang sinabi ni Jesus, ***"At magkakaroon ng mga tanda sa araw,"*** Ang araw ay kaluwalhatian ng Dios, sa kanyang templo. Pagkatapos ng pagkamatay ni Jesus sa krus Ang Dios ay iniwan ang mga taong ito, subalit ang tanda ng banal na presensya ay nanatili hanggang sa lubos na pagkalipul ng templo; at pagkatapos ay nang ang templo ay ganap na nilipul noong 70 AD ng imperyo ng Roma, ang araw na ito ay lubos na nagdilim, at wala nang kasing gaya ng panlabas na simbolo nito.

At nang sinabi ni Jesus, ***"at buwan"*** na ipapaliwanag din sa matalinghagang kahulugan at metaporikal; ang seremonya ng batas ni Moises ay ang buwan, ng simbahan ng mga Judio, na nagsasagawa ng mga hain araw-araw at nagpatuloy hanggang sa malipul ang templo.

Nang sinabi ni Jesus, ***"at mga bituin,''*** ang mga bituin ay ang mga guro ng simbahan na titigil sa pagsasalita, sapagkat anong sasabihin nila pagkatapos ng pagkalipul ng Templo. Ang mga guro ng Kautusan ay inilagay ang kanilang sarili at ang kanilang kinaugalian sa itaas ng Salita ng Dios, kaya nilipol ng Dios ang kanilang mga tradisyon sa pamamagitan ng paglipul sa templo at sa Jerusalem at pinatahimik Niya sila, sa pagpapakalat sa

ibang mga lupain at bansa bilang mga alipin at bilanggo. Nalito sila at nangalungkot sa pagpapadala ng Diyos sa kanila. Ganoon din ang gagawin ng Diyos sa mga simbahan na tumatakbo na umaasa sa ilang tradisyonal na bagay at gawain at hindi sa Salita ng Diyos. Darating ang panahon na lilipulin ng Diyos ang kanilang pinagtitiwalaan.

***"26 Magsisipanglupaypay ang mga tao dahil sa takot, at dahil sa paghihintay ng mga bagay na darating sa ibabaw ng sanglibutan. sapagka't mangangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit. (Lucas 21 :26 KJV)*** A Ang mga puso ng tao ay panlulupaypayin sila dahil sa nangyayari mula sa mga mapaminsalang pangyayaring nakaapekto sa Judea, Jerusalem at sa templo. ***sapagka't mangangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit*** ibig sabihin lahat ng alintuntunin ng legal na pamamahala; na manginginig, at kahit sa pagaalis ng mga ito, ay ipinahayag ni Propeta Hagai, ***"Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Minsan na lamang, sangdaling panahon, at aking uugain ang langit, at ang lupa, at ang dagat, at ang tuyong lupa;" (Haggai 2:6 KJV)*** at ipinaliwang ng may akda ng Sulat ng Hebreo, ***"26 Na ang tinig na yaon ay nagpayanig noon ng lupa: datapuwa't ngayo'y nangako siya, na nagsasabi, Minsan pang yayanigin ko, hindi lamang ang lupa, kundi pati ng langit. 27 At itong salita, Minsan pang, ay pinakakahuluganan ang pagaalis niyaong mga bagay na niyanig, gaya ng mga bagay na ginawa, upang mamalagi ang mga hindi niyanig." (Hebreo 12:26-27 KJV)*** Sa pamamagitan ng paghatol ng Dios sa Jerusalem, lugar at daan ay ginawa para sa mga alintuntunin ng Evangelio na maganap, at maitatatag; na hindi matitinag, upang maalis, kundi mananatili hanggang sa ikalawang pagparito ni Cristo. Sa parehong paraan, ang Dios sa pagdadala ng Kanyang paghatol sa mga simbahan na sumuway sa Kanya ay magbibigay daan para sa Evangelio na maipangaral sa ibang mga bansa.

***''27 At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng tao na pariritong nasa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.'' (Lucas 21 :27 KJV)*** Siya ay makikita, hindi sa isang tao, kundi sa kapangyarihan ng Kanyang poot at paghihiganti. Ang kaparusahan ng Dios na magpapahirap sa bansang Judio sa araw na iyon ito ay magiging kaugnay sa pagdating ni Jesus na may paghihiganti laban sa kanila. Sa parehong paraan ang panahon ay darating, na si Jesus ay maghihiganti sa mga sumalungat kay Jesus at umuusig sa atin sa pamamagitan ng patuloy na pagkakasala at pamumuhay laban sa katotohanan ng Diyos.

***''28 Datapuwa't kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, ay magsitingin kayo, at itaas ninyo ang inyong mga ulo; sapagka't malapit na ang pagkatubos ninyo.'' (Lucas 21 :28 KJV)*** Kapag ang lahat ng iyon ay naganap, sa gayon sinasabi Niya sa Kanyang mga alagad na sila'y magiging malaya mula ngayon mula sa paguusig ng mga Judio. Sa magaganap, sa pagdating ng hukbo ng Roma laban sa Jerusalem, sila ay ililigtas ni Jesus mula sa lahat ng mga kaguluhan na ipinataw sa kanila ng mga Judio. Si Jesus ay nagtuturo sa kanila kung kailan magaganap ang lahat ng ito, hayaan silang magalak, tumingin at itaas ang kanilang ulo at magalak. Sa parehong paraan para sa atin, magkakaroon ng panahon, na kung ano ang ating pinagdudusahan mula sa pag uusig dahil sa mga kasalanan ng katawan ni Cristo, tayo ay palalayain mula rito at tayo ay magagalak.

***''29 At sinalita niya sa kanila ang isang talinghaga: Masdan ninyo ang puno ng igos at ang lahat ng mga punong kahoy : 30 Pagka nangagdadahon na sila, ay nakikita ninyo at nalalaman ninyo sa inyong sarili na malapit na ang tagaraw. 31 Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng Dios.'' (Lucas 21 :29-31 KJV)*** Ipinaliwanag pa Niya sa Kanyang mga alagad na kung ano ang Kanyang gagawin sa kanyang mga kaaway ay makikita gaya ng paglagas ng puno ng igos o ibang punong kahoy sa Tag araw. At iyon kapag ito ay naganap batid nila na ang Kaharian ng Dios ay mananaig, gagawin ng Dios ang Kanyang kalooban at ang simbahan ni Cristo ay sumusulong, at mas maraming makikita at maluwalhating pagpapakita ng kaharian ng Mesiyas, ay makikita sa pagkalipol ng kanyang mga kaaway

***''32 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.'' (Lucas 21 :32 KJV)*** Iginiit ni Jesus sa Kanyang mga alagad na ang salinlahi ng mga Judio na umusig sa Kanya at ipinako Siya sa krus, ang salinlahing iyon ang magdurusa sa paghihiganti ng Dios at sa Kanyang poot sa lungsod at sa templo. ***''33 Ang langit at ang lupa ay lilipas: datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas.'' (Lucas 21:33 KJV)*** Tutupdin ng Dios ang Kanyang Salita at isasakatuparan kung anong Kanyang ipinangako sa mga namumuhi sa kanya, sa pagpapadala sa kanila ng kaguluhan at sa mga sumunod sa Kanya bibigyan Niya sila ng gantimpala at pagsulong.

***''34 Datapuwa't mangagingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan, at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na yaon na gaya ng silo.'' (Lucas 21:34 KJV)*** Ngayon narito binibigyang babala ni Jesus ang Kanyang mga alagad, pati na rin, nagbabala Siya sa atin sa mga sumusunod:

1. ***baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan:*** Ang pusong dadayain sa pagpapasaya sa pagkain, inumin at mga masasarap na pagkain. Hindi natin dapat pagbigyan ang ating sarili nang labis sa pagkain at inumin at ilipat ang ating pagtuon mula sa makalangit bagaya sa pagnanasa ng laman.
2. Ang ***puso na malugmok sa kalasingan:*** pag inom at pag inom ng alak upang makalimot o makatakas sa pagharap sa mga tunay na isyu ng buhay.
3. Ang ***puso na malugmok sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito;*** ang mga alalahanin at ang mga hindi kailangang lubhang pag iisip. Dapat nating gawin ang ating bahagi, at magtiwala sa Salita ng Dios at sa ipinangako Niya. Pagkatapos nating gawin ang ating bahagi, hindi tayo dapat mag-alala kung ano ang mangyayari pagkatapos.

***''35 Sapagka't gayon darating sa kanilang lahat na nangananahan sa ibabaw ng buong lupa." (Lucas 21:35 KJV)*** Ang mga bagay na ito ay tulad ng mga patibong na maghuhuli at magbibitag sa mga alagad mula sa pagsunod sa Diyos. Kailangan nating may kamalayan at lumayo sa mga ganoong bagay. Kailangan nating laging suriin at siyasatin ang ating sarili at makita nang malinaw kung paano kumikilos ang Diyos sa pagtupad ng Kanyang Salita at Kanyang plano.

***"36 Datapuwa't mangagpuyat kayo sa bawa't panahon, na mangagsidaing, upang kamtin ninyo ang makatakas sa lahat ng mga bagay na ito na mangyayari, at upang mangakatayo kayo sa harapan ng Anak ng tao." (Lucas 21:36 KJV)*** Kailangan nating bantayan ang ating sarili at manalangin at lumapit sa Dios, upang laging maging handa na kumilos sa oras at gawin ang mga tamang bagay, gaya ng pagkilos ng Dios upang harapin ang mga taong tinanggihan Siya at gantimpalaan tayo, na darating ang panahon na tayo ay matatagpuan na karapat dapat sa Kanyang gantimpala at makatakas sa poot na Kanyang ipapadala sa Kanyang mga kaaway.

***Sa aking mahal at minamahal: "32 Nguni't tungkol sa araw o oras na yaon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama. 33 Kayo'y mangagingat, mangagpuyat at magsipanalangin: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung kailan kaya ang panahon. 34 Gaya ng isang tao na nanirahan sa ibang lupain, na pagkaiwan ng kaniyang bahay, at pagkabigay ng kapamahalaan sa kaniyang mga alipin, sa bawa't isa'y ang kaniyang gawain, ay nagutos din naman sa bantay-pinto na magpuyat. 35 Mangagpuyat nga kayo: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung kailan paririto ang panginoon ng bahay, kung sa hapon, o sa hating gabi, o sa pagtilaok ng manok, o sa umaga; 36 Baka kung biglang pumarito ay kayo'y mangaratnang nangatutulog. 37 At ang sinasabi ko sa inyo ay sinasabi ko sa lahat, Mangagpuyat kayo." (Marcus 13:32-37 KJV) "(Narito, ako'y pumaparitong gaya ng magnanakaw. Mapalad siyang nagpupuyat, at nagiingat ng kaniyang mga damit, na baka siya'y lumakad na hubad, at makita nila ang kaniyang kahihiyan." (Pahayag 16:15 KJV)***

Ilagay mo sa isip mo. Alam ng Panginoon kung paanong hulihin ang mga gumagawa ng mali at itago ang kanilang mga kasalanan. Huhulihin ng Panginoon ang gayong mga manggagawa at disipulo, at haharapin ang kanilang maling ginawa sa loob ng isang araw at sandali hindi sila aasahan nito. ***"50 Darating ang panginoon ng aliping yaon sa araw na hindi niya hinihintay, at oras na hindi niya nalalaman, 51 At siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga mapagpaimbabaw: doon na nga ang pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 24:50-51 KJV)*** Aalisin Niya sila, alinman sila'y papatayin, iyon ang dahilan kung bakit nakikita natin ang kamatayan ay nagaganap. at ang Dios sa pagkuha ng ilang mga tao bigla mula sa pinangyarihan. O sila ay biglang ilalabas mula sa lahat ng kanilang mga pribilehiyo bilang paghatol sa kanilang mga kasalanan at ilalagay Niya sila at itatalaga sila sa lugar kasama ng mga mapagimbabaw, at kasama ng mga sinungaling, sapagkat sila ay mabubunyag, at ang kanilang mga kasalanan ay matutuklasan at ang takip ay aalisin sa kanilang mga mukha.

Batid din ng Panginoon kung paanong gantimpalaan ang Kanyang bayan, ang mga naglilingkod sa Kanya at ang mga gumagawa ng Kanyang kalooban at lumalakad sa Kanyang mga daan. Ang mga kapag Siya ay dumating at makita sila sa lugar at ministerio na itinalaga Niya na gawin nila; kapag dumating Siya at makita sila ginagawa ang kanilang mga pananagutan patungo sa mga nasa ilalim ng kanilang pangangalaga at ang mga taong nakapalibot sa kanila, gagantimpalaan ng Panginoon ang mga alagad na iyon at isusulong sila at idadagdag sa kanila ang mga pagpapala, kalakasan, pribelihiyo at ministerio. Ang mga nagpapatuloy na nagtitiis sa lugar na itinalaga ng Dios na sa kanila, isang araw tatanggapin nila ang para sa kanila at ang kanilang gantimpala mula sa Panginoon habang sila'y nagpapatuloy na paglingkuran Siya at gawin ang Kanyang kalooban. Kaya naman ang mga hindi nagtiis at ang umalis sa kanilang ministerio at mga takdang gawain na hindi tapos, makikita mo sila na naghihikahos sa mga pagpapala at sa gantimpala ng Dios. Dahil dito, hinihikayat ko kayong patuloy na tuparin ang inyong pangako at mabuting gawain. Tiyak na gagantimpalaan ito ng Panginoon. Ibabalik ka ng Panginoon sa pamamagitan ng mabubuting bagay lahat ng iyong hirap at lahat ng iyong pagdurusa at lahat ng iyong katapatan at ang mabuting gawain na ginawa mo sa Kanya. ***"Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitatag, huwag makilos, na palaging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon." (1 Corinto 15:58 KJV)***

***Ang aking Panalangin:*** Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong Salita na ipinahayag sa akin ang katotohanan at nagawang kong maunawaan ang katotohanan.

Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan ________________________

Simulang ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Dios _________________________

Panginoon patawarin ang iyong bayan, na nangagsisi, sa kasalanan ng kapabayaan, sa kawalan ng pangako, ang kawalan ng pagtitiis sa paggawa sa ministerio. Panginoon patawarin mo ang mga nangagsisi ng kasalanan ng kamunduhan at ang mga kasalanan ng kawalang pag iingat. Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi na mapanubalik sa lugar at sa ministerio na nais mo sila na maglingkod sa iyo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na pinapanatili ang kanilang sarili sa lugar at ministerio na itinalaga mo sa kanila. Pagpalain mo sila at bigyan sila kung anong nararapat sa kanila. Panginoon pagpalain sila para sa kanilang mabuting pamamahala at sa kanilang kasipagan sa paglilingkod sa iyo at paglilingkod sa iyong bayan na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga.

Panginoon ako'y nagtitiwala sa iyo na isang araw hahatulan mo ang iyong bayan at ang iyong simbahan na sumuway sa iyo at ang mga hindi sumunod sa iyong mga utos. Panginoon dalangin ko na ang iyong Salita ay matupad at patunayan mo ang iyong Salita sa mga sumuway sa iyo. Gayundin Panginoon ako'y nagtitiwala sa iyo na papatunayan mo ang iyong Salita sa mga tapat na sumusunod sa iyo.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan at ipagkaloob sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming upang magpatuloy at gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa. Panginoon bigyang daan kaming mag evangelio at abutin ang nawawala at bagong lugar ng Evangelio ni Jesus. Pangioon tulungan kaming magtanim ng maraming pag aaral ng Biblia at magtatag ng maraming mga alagad upang paglingkuran ka. Panginoon patuloy kaming protektahan at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan,. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin naa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:

1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com